

Ano ang Dapat Mong Gawin?

Pakisulat ang iyong sagot sa bawat tanong sa inilaang puwang. Tandaan na walang mga maling sagot. Mangyaring pag-isipang mabuti ang tungkol sa mga tanong at ibahagi ang sarili mong opinyon.

Senaryo 1

Kakatapos lang magkaroon ng matinding away nina Sofia at ng kanyang matalik na kaibigan na si Joaquín. Pagkatapos, nagbahagi si Sofia sa social media ng talagang masamang post tungkol kay Joaquín. Noong gabing iyon, tinext siya ni Joaquín at pinatawad nila ang isa't isa, pero nasa online pa rin ang kanyang post.

- Ano ang maaaring mangyari?
- Ano ang dapat gawin ni Sofia? Ano ang dapat gawin ni Joaquin?
- Maaari ka bang mag-isip ng isang halimbawa ng ganitong sitwasyon sa tunay na buhay?

Senaryo 2

Kinunan ni David ng mga litrato ang ilan sa kaibigan niya na kumikilos nang nakakatawa at pinost ang mga ito sa social media, na may mga hashtag na maaaring bastos o masama, pero mga biro sa pagitan ng kanyang mga kaibigan. Kinabukasan, pumunta sa kanya si Catalina sa eskuwela na isa pa niyang kaibigan at sinabi na sa tingin niya ay talagang nakakasakit ang mga hashtag at medyo sexist (hal., nakakasakit o nandidiskrimina batay sa kasarian; lalo na ang diskriminasyon laban sa mga babae).

- Ano ang maaaring mangyari?
- Ano ang dapat gawin ni David? Ano ang iba pang magagawa ni Catalina?
- Paano kung hinarap ni Catalina si David sa online sa halip na personal?
- Maaari ka bang mag-isip ng isang halimbawa ng ganitong sitwasyon sa tunay na buhay?
- Paano kung sinimulan siyang tawagin ni Catalina na isang bully? Sa tingin mo paano makakaapekto sa magiging reputasyon ni David sa hinaharap ang makitang isa siyang bully?

Sitwasyon 3

Nasa social media si Aditi noong nalaman niya na si Mary, na isang babae sa

paaralan, ay kinunan ang kanyang litrato at isinulat ang, “Haha #whatnottowear” (pinagtatawanan ang kanyang mga damit). Siyempre, nainis talaga si Aditi.

- Ano ang maaaring mangyari?
- Ano ang dapat gawin ni Mary? Ano ang dapat gawin ni Aditi?

Ano ang Dapat Mong Gawin? Kopya ng Nagtuturo

Pakisulat ang iyong sagot sa bawat tanong sa inilaang puwang. Tandaan na walang mga maling sagot. Mangyaring pag-isipang mabuti ang tungkol sa mga tanong at ibahagi ang sarili mong opinyon.

Senaryo 1

Kakatapos lang magkaroon ng matinding away nina Sofia at ng kanyang matalik na kaibigan na si Joaquín. Pagkatapos, nagbahagi si Sofia sa social media ng talagang masamang post tungkol kay Joaquín. Noong gabing iyon, tinext siya ni Joaquín at pinatawad nila ang isa't isa, pero nasa online pa rin ang kanyang post.

- Ano ang maaaring mangyari?
- Ano ang dapat gawin ni Sofia? Ano ang dapat gawin ni Joaquin?

Maaaring may makakita ng post at i-report si Sofia para sa pangbu-bully o mabigyan ng maling kahulugan ang relasyon niya at ni Joaquín at ang mga nararamdaman sa isa't isa. Maaari pa ring maging bastos para kay Joaquín ang post. Malamang magandang ideya na alisin ni Sofia ang kanyang post.

- Maaari ka bang mag-isip ng isang halimbawa ng ganitong sitwasyon sa tunay na buhay?

Dapat isipin ng mga kalahok ang mga halimbawa na naranasan nila o narinig dati. Tandaan na ang pagbabahagi ng mga halimbawang ito sa tunay na buhay ay maaaring hindi kumportable para sa mga kalahok. Hayaan silang magbahagi ng mga halimbawa ng mga kaibigan o mga taong kilala nila (kaysa sa mga sarili nila).

Senaryo 2

Kinunan ni David ng mga litrato ang ilan sa kaibigan niya na kumikilos nang nakakatawa, at pinost ang mga ito sa social media, na may mga hashtag na maaaring bastos o masama, pero mga biro sa pagitan ng kanyang mga kaibigan. Kinabukasan, pumunta sa kanya si Catalina sa eskuwela na isa pa niyang kaibigan at sinabi na sa tingin niya ay talagang nakakasakit ang mga hashtag at medyo sexist (hal., nakakasakit o nandiskrimina batay sa kasarian; lalo na ang diskriminasyon laban sa mga babae).

- Ano ang maaaring mangyari?
- Ano ang dapat gawin ni David? Ano ang iba pang magagawa ni Catalina?

Dapat humingi ng paumanhin si David o ipaliwanag ang kanyang sarili. Dapat isaalang-alang ng mga kalahok kung paano maaaring maging iba ang pananaw ng

mga kalahok sa kanilang mga pagkilos kaysa sa nararapat, pero hindi ito nangangahulugan na hindi tama ang mga pananaw ng iba.

- Paano kung hinarap ni Catalina si David sa online sa halip na personal?

Kung hinarap ni Catalina si David tungkol sa nakapublikong post, matitimbang ng iba ang isyu at maipapaliwanag ang biro sa pagitan nila o kung bakit nakakasakit ang sinabi. Maaari itong maayos o maging mas malaking alitan sa maraming iba pang tao. Kung kinontak ni Catalina si David sa pamamagitan ng mga online na message, matatalakay ito ni David sa kanya pagkatapos ng pangyayari at mae-edit ang kanyang post kung makukumbinsi siyang hindi ito tama.

- Maaari ka bang mag-isip ng isang halimbawa ng ganitong sitwasyon sa tunay na buhay?

Dapat isipin ng mga kalahok kung paano nila nalutas ang mga naging insidente ng hindi pagkakaunawaan dati. Tandaan na ang pagbabahagi ng mga halimbawang ito sa tunay na buhay ay maaaring hindi kumportable para sa mga kalahok. Hayaan silang magbahagi ng mga halimbawa ng mga kaibigan o mga taong kilala nila (kaysa sa mga sarili nila).

- Paano kung sinimulan siyang tawagin ni Catalina na isang bully? Sa tingin mo paano makakaapekto sa magiging reputasyon ni David sa hinaharap ang makitang isa siyang bully?

Dapat isipin ng mga kalahok kung ano ang ibig sabihin ng pagiging isang bully at isaalang-alang kung paano makakaapekto ang online na nilalaman sa magiging palagay sa iyo ng mga katulad mo.

Sitwasyon 3

Nasa social media si Aditi noong nalaman niya na si Mary, na isang babae sa paaralan, ay kinunan ang kanyang litrato at isinulat ang, “Haha #whatnottowear” (pinagtatawanan ang kanyang mga damit). Siyempre, nainis talaga si Aditi.

- Ano ang maaaring mangyari?
- Ano ang dapat gawin ni Mary? Ano ang dapat gawin ni Aditi?

Dapat harapin ni Aditi si Mary tungkol sa kanyang mga pagkilos para ipaalam sa kanyang nakakasakit ang mga ito. Maaari ring i-report ni Mary sa social media platform at sa nasa hustong gulang (hal., magulang / tagapag-alaga, guro o administrator ng paaralan) ang mga pagkilos ni Veronica.